22112051

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

**PILIPINO A2 – STANDARD LEVEL – PAPER 1**
**PILIPINO A2 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A2 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 1**

Wednesday 11 May 2011 (morning)
Mercredi 11 mai 2011 (matin)
Miércoles 11 de mayo de 2011 (mañana)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Section A consists of two passages for comparative commentary.
- Section B consists of two passages for comparative commentary.
- Choose either Section A or Section B. Write one comparative commentary.
- It is not compulsory for you to respond directly to the guiding questions provided. However, you may use them if you wish.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N’ouvrez pas cette épreuve avant d’y être autorisé(e).
- La section A comporte deux passages à commenter.
- La section B comporte deux passages à commenter.
- Choisissez soit la section A, soit la section B. Écrivez un commentaire comparatif.
- Vous n’êtes pas obligé(e) de répondre directement aux questions d’orientation fournies. Vous pouvez toutefois les utiliser si vous le souhaitez.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- En la Sección A hay dos fragmentos para comentar.
- En la Sección B hay dos fragmentos para comentar.
- Elija la Sección A o la Sección B. Escriba un comentario comparativo.
- No es obligatorio responder directamente a las preguntas de orientación que se incluyen, pero puede utilizarlas si lo desea.



© International Baccalaureate Organization 2011

https://xtremepape.rs/

*Piliin ang alinman sa Seksyon A **o** Seksyon B.*

## SEKSYON A

*Suriin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang layon. Hindi sapilitan ang pagsagot sa mga panggabay na tanong. Pero mahalagang gamitin ang mga ito bilang panimula ng pahambing na komentaryo.*

**Teksto 1**

### Jejemon: Kabilang Ka Ba Sa Grupong Ito?

Nakakita ka na ba ng taong nagtatype ng ganito: “e0wh phF0u?”, “mUsZtAh nHa? Jejejeje”[1]? Kung nakakita ka na, malamang nabiktima ka na ng isang Jejemon.

Ano nga ba ang isang Jejemon?

Ang Jejemon:
(1) Madalas na nakikita sa mga social networking sites kagaya ng Friendster at Facebook at madalas ring nakikitang nHaGtaTypFh nHaNgH gHaNit0[2]. Mapapansin rin na gumagamit ang mga Jejemon ng AlTeRnaTiNg CaPitAlS[3]. [Author’s note: Subukan mong magtype ng ganyan. Tignan natin kung hanggang saan ka tatagal.]

Ang mga Jejemon din ang dahilan kung bakit nababadtrip ang mga matatandang walang magawa sa mga kabataang madalas mag-text. Kadalasan kasing ginagamit ang Jejetyping sa pagtatype kapag nagtetext at dahil nga nag-iiba ang spelling ng mga salita at kung anu-ano pa, kadalasan ding hindi naiintindihan ng kausap ang sinasabi ng Jejemon.

(2) May mga kalaban din ang mga Jejemon. Ang tawag sa kanila ay mga Jejebusters. [A/N[4]: Seryoso, pwera biro. Jejebusters talaga ang tawag sa kanila.] Madalas na lumalabas na masama ang mga Jejebusters kasi sila lagi ang nagsisimula ng away.

Merong apat na klase ng Jejemon:
**Mild** – eow pU. MxTa pu? Jejeje[5] [Eto ang klase ng Jejemon na naiintindihan pa ang salita at letters lang ang gamit.]
**Moderate** – eOw pFow,, Na M1Sz pfOu qTah! MwahXz![6] [Eto matindi. comma na ang gamit sa pwesto ng period at may ‘H’ na sa mga lugar na wala naman dapat. Subukang basahin ito verbally. Ganyan kahirap magtype nito.]
**Severe** – 3ow pfU!,...aN3u pfOW gW4 n3O? tX tX nUa lHarN sZa mEna GziNg pFa![7] [Mas matindi. Gumagamit na ng numero sa halip na letters at iba na rin ang pagkakabanggit sa mga salita.]
**TERMINAL JEJENISM** – 3Ow pf0U m3N4 p!p0L! nUa M1Xz k0 pF0u K30 nU4n z0bR4 wUaCk k30nG M3k A4Ng4Sz sXa b0SzX nu4 tuLad kW0[8] [Pinakamatindi. No explanation needed.]



https://xtremepape.rs/

Wala naman akong reklamo kung jejemon ka o hindi. Ang sa akin lang, utang na loob, hindi lahat ng tao marunong magsalita ng lenggwahe ng planeta mo. Konting konsiderasyon lang. Group message ka ng group message ng Jejetype hindi naman lahat sa grupo mo Bachelor of Arts in Jejetyping. Isipin mo na rin kung ano ang papasok sa isip ng ibang tao pag di nila naintindihan ang mensahe mo't buburahin lang nila ang text mo.

Imagine:
Ikaw: 2loN9 pFou!! nAxuXuNo9 uN9 hAuX aMen!,, pDeAlaH aMan pFouH kAy0U nG bOumBerOx!! [Translation: Tulong po!! Nasusunog ang bahay namin!.. Padala naman po kayo ng bumbero!!]
Bumbero: WTF?! *bura ng message*
O di ba? Abo na bahay niyo, wala pa ring dumadating na bumbero kasi di naintindihan ang text mo.

May tamang panahon para gamitin ang Jejetyping pero hindi ito pwedeng gamitin kung may mga Jejebusters na nakapaligid. Kung ayaw mong mapaaway, magtype ka na lang nang maayos. Gamitin ang sarili mong wika! Hindi namatay sila Jose Rizal, Andres Bonifacio at iba pang mga bayani para lang gamitin mo ang Jejetyping imbis na wikang Filipino.

Imagine-in mo ulet pag sila ang nagpaka-Jejemon:
Ang title ng huling akda ni Rizal: mEih UltIMoiX aDioSxH[9]
Ang mga unang salita ng Lupang Hinirang: bAiAn9 mA9ieLiWh pUrlAsh n9 xIlan9aNaN[10].
Ang title ng sikat na likha ni Juan Luna: xPoWlaeRiUmH[11]
Diba? The horrors. Isipin mo na lang...

At dito nagtatapos ang munti kong akda. Hanggang sa susunod.
qUitA-qUitxH nHa lharN tAyou pFou~[12]

: D

Halaw mula sa blog ni Ecks Limson
www.buhaypilipino.com/forum (18 Abril 2010)

---

1 "e0wh phF0u?", "mUsZtAh nHa? Jejejeje": Hello po. Musta na? Hehehehe

2 nHaGtaTypFh nHaNgH gHaNit0: Nagta-type nang ganito

3 AlTeRnaTiNg CaPitAlS: alternating capitals

4 A/N: Author's Note

5 eow pU. MxTa pu? Jejeje: Hello po. Kumusta po? Hehehe

6 eOw pFow,, Na M1Sz pfOu qTah! MwahXz!: Hello po. Na-miss po kita. Mwah!

7 3ow pfU!,...aN3u pfOW gW4 n3O? tX tX nUa lHarN sZa mEna GziNg pFa!:
Hello po! Ano po gawa niyo? Text-text na lang sa mga gising pa

8 3Ow pf0U m3N4 p!p0L! nUa M1Xz k0 pF0u K30 nU4n z0bR4 wUaCk k30nG M3k A4Ng4Sz sXa b0SzX nu4 tuLad kW0:
Hello po mga pipol! Na-miss ko po kayo nang sobra. Huwag kayong makaangas sa boss niyo tulad ko

9 mEih UltIMoiX aDioSxH: Mi Ultimo Adios (Huling Paalam)

10 bAiAn9 mA9ieLiWh pUrlAsh n9 xIlan9aNaN: Bayang magiliw, perlas ng silanganan

11 xPoWlaeRiUmH: Spoliarium

12 qUitA-qUitxH nHa lharN tAyou pFou~: Kita-kita na lang tayo po!



https://xtremepape.rs/

**Teksto 2**

## Jejemon

Nagpahayag na ang DepEd* ukol sa lumalaganap na "jejemon" o ang mga tao na gumagamit ng kakaibang pamamaraan ng spelling para mag-text o magsulat sa anumang pagkakataon katulad ng internet. Sa madaling salita, ito iyong mga nababasa sa text na tila mga short-cut ng mga salita, maging Ingles man o Tagalog. At halo-halo pa ang mga malalaki at maliliit na titik. Nauso ito para hindi humaba ang mga mensahe sa text kung saan bilang ang dami ng letra na pwedeng gamitin bawat mensahe. Lumaganap nang husto hanggang naging isang uso, o sa tingin pa nga ng iba, parang isang kulto na!

Sa pasya ng DepEd, kontra ito sa tamang komunikasyon sa pagitan ng dalawang tao, dahil marami rin ang hindi na maintindihan kung ano ang sinasabi ng mga gumagamit ng ganitong "pananalita". Bagama't aminado ang DepEd na wala naman silang magagawa sa ganitong istilo ng pagte-text o pagsusulat sa internet, sisikapin pa rin nila na ituro ang tamang "pagsasalita" sa text at internet. Marami na rin akong nakakausap na naiinis sa ganitong istilo ng pag-text. Kahit ako, madalas hindi ko naiintindihan ang mga tinetext sa akin kapag "jejemon" na ang ginagamit. Katunayan ay parang nasasayang lang ang oras ko dahil pinapaulit ko lang ang text sa tamang spelling. At ang pagsayang ng oras ay isang bagay na hindi ko matatanggap, maging sa trabaho o sa pang araw-araw lang na gawain.

Dahil na rin sa ako'y nagsusulat sa mga diyaryo, hindi ako pwedeng masanay sa ganyang "pananalita", kung hindi ay mawawalan ako ng trabaho. Sigurado ako na kung ganito rin ang ginagamit na "pananalita" sa trabaho, meron at merong maiinis na boss diyan! Ilang taong pag-aaral ang dinaanan natin, tapos mauuwi lang sa ganitong klaseng "pananalita"! Tama ang DepEd sa kanilang hangarin na baguhin ang pag-iisip ng mga "jejemon" para maging maayos ang komunikasyon sa pagitan ng dalawang tao. Wala namang masama siguro kung dalawang "jejemon" ang nag-uusap sa text o sa internet, basta nagkakaintindihan sila. Parang mga ibang salita na ilang tao rin lang ang nagkakaintindihan. Nagiging perwisyo lang kapag ang isa ay hindi naman marunong "mag-jejemon". At ang masama, kung pilit pang ginagamit ito sa lahat ng okasyon, kahit alam na hindi naman "jejemon" ang kinakausap. May hangganan ang uso. Kapag nagiging perwisyo o hadlang na sa tama at maayos na komunikasyon, oras na para itigil ito.

Teksto ng *opinion column* na "K Ka Lang?" ni Korina Sanchez
*Pilipino Star Ngayon* (updated 25 May 2010)

---

* DepEd: Department of Education

– Paano binibigyan ng depinisyon at inilalarawan sa dalawang teksto ang Jejemon at ang kanilang mundo?

– Paano nagkakatulad at nagkakaiba ang dalawang teksto sa pagtanaw ukol sa Jejemon?

– Ano ang bisa ng partikular na paggamit ng wika sa paghahayag ng mensahe ng bawat teksto?



https://xtremepape.rs/

Blank page
Page vierge
Página en blanco



https://xtremepape.rs/

**SEKSYON B**

*Suriin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang layon. Hindi sapilitan ang pagsagot sa mga panggabay na tanong. Pero mahalagang gamitin ang mga ita bilang panimula ng pahambing na komentaryo*.

**Teksto 3**

*Introduksiyon*: Ang uyayi ay isang uri ng tula (na kadalasan ay inaawit din) na binibigkas ng isang matanda (karaniwa'y isang magulang) upang ihele o patulugin ang isang batang paslit na nagmamaktol o hindi makatulog. Inihehele rin ng uyayi ang batang paslit kung ito ay labis na natatakot sa dilim o sama ng panahon, o di kaya'y kung nakagalitan at napalo ng mga magulang.

**Uyayi**

Batang paslit,
ang mata mo ay ipinid*.

Darating ang unos,
ulan ay bubuhos;
maningas ang itak ng matandang kidlat.

Kaya nga mata mo'y madaling ipinid,
batang paslit.

May laruang pilak –
buwang hindi biyak –
akong ihahandog
kung ikaw'y tutulog.

Kaya nga mata mo'y sandaling ipinid,
batang paslit.

Batang paslit,
ang mata mo ay ipinid.

Sa mata mo ngayo'y
hindi pa panahon
ng bagyong masungit
ni karimlang pangit.

Kaya nga mata mo'y mangyaring ipinid,
batang paslit.



https://xtremepape.rs/

Marami pang araw
ang sa iyo'y sisilaw
bago bulagin
ng lupa't buhangin.

Kaya nga mata mo'y iyo nang ipinid,
batang paslit.

Tulog ka na, batang paslit,
managinip samantalang
kamalaya'y nakapinid.

Bienvenido Lumbera, *Katha* (1994)

---

* ipinid: isara, ipikit



https://xtremepape.rs/

**Teksto 4**

*Introduksiyon*: Ang sumusunod na sipi ay mula sa maikling kuwento ni Fanny A. Garcia. Si Puti ay ang aso ni Lenka. Si Lenka at Puti ay matalik na matalik na magkaibigan. Si Lenka ay anak ni Milyo, at sila'y isang mahirap na pamilya lamang. Isang araw ay nagkasakit nang malubha si Lenka at kinailangan ni Milyo na mangutang sa kumpare niya na nagkakatay ng aso upang maipagamot lamang si Lenka at makabili ng kakailanganing medisina. Batid ni Milyo kung gaano kalapit sa isa't isa sina Lenka at Puti na kung magturingan ay tunay na magkapatid. Masakit man sa kalooban dahil alam niyang masasaktan din ang kalooban ng anak, napilitan si Milyo na ibenta sa kumpare ang asong si Puti para lamang may maipagamot sa anak na maysakit na si Lenka. Sa sumusunod na sipi, si Milyo ay tila nababagabag sa naging desisyon niyang ibenta ang asong si Puti. Sa puntong ito ng kuwento, nadala na ni Milyo si Puti sa bahay ng kumpare at naibenta na niya ang aso. Ngunit himalang nakakawala ang asong si Puti at natunton ang daan pabalik sa tahanan ni Lenka.

**Puti**

Napayuko si Milyo. Sisisihin ba niya ang sarili?

Nang bigla'y may humarabas[1] na kung ano sa pintuan.

"Puti!" sigaw nina Selya.

Natigagal[2] si Milyo. Limang kalye ang layo ng bahay ni Pareng Posto, kaya lang niya nadala sa lugar na iyon si Puti ay noong kanyang ipagbili. Ano't natunton ni Puti ang kanilang bahay?

Tumakbo si Puti kay Lenka, hila-hila ang kadena, putikang-putikan. Kumahul-kahol si Puti. Nagising si Lenka. "P-puti!" paos na sigaw ni Lenka. At niyakap niya si Puti. Saka napansin ni Lenka ang putik sa katawan ni Puti. "Ba't ang dumi-dumi mo, Puti? Salbahe ka, ha? Nagkasakit lang ako, hindi ka na naligo! Ang bahu-baho mo tuloy!" Dinila-dilaan ni Puti si Lenka. "Ang tagal ding hindi kita nauwian, 'no Puti? Pasensiya ka na, hindi ako nakapasok sa eskuwela." Kinuha ni Lenka ang supot. "Halika, may 'pakikita ako sa 'yo." Inilabas ni Lenka ang laman ng supot. "O heto, masarap 'to, baka 'kala mo. Hamo, hati tayo." Iwinagwag ni Puti ang buntot.

Nang bigla'y sumulpot sa pintuan ang dalawang anak na lalaki ni Pareng Posto.

Nagkakahol si Puti, sinugod ang dalawang batang lalaki na dali-daling bumaba. Pero patuloy pa rin sa pagkahol sa kanila si Puti.

"Hanyo[3], ako na'ng maghahatid sa inyo!" sabi ni Milyo sa dalawang bata na nasa puno ng hagdan.

Hinilang pababa ni Milyo si Puti, pero ayaw ni Puti. Ibinabaon niyon ang mga kuko sa hagdanan. Tinatahulan pa rin ang dalawang bata.

"Sige na, umuwi na kayo! Mahirap 'yang nakikita kayo ni Puti!" sabi muli ni Milyo sa dalawa. Umalis nang tuluyan ang mga iyon.

Mamata-mata si Lenka.

Muli'y hinila ni Milyo si Puti. "Pasyal tayo, Puti!" aniya. Ayaw pa ring tuminag[4] ni Puti, ibinabaon ang mga kuko sa hagdanan.

Nilakasan ni Milyo ang hila kay Puti, at iyo'y napilitang tumindig at lumakad. Lumilingon si Puti kay Lenka. Nang sa paglagpas sa kanilang kuwarto ay muling tumigil si Puti, muling ibinaon ang mga kuko sa daanan. Kumahol na waring nagmamakaawa. Kumahol nang kumahol kay Lenka na nasa pintuan.

"Puti!" sigaw ni Lenka. Patakbong bumaba si Lenka, umiiyak na sinugod ng yakap si Puti. "Ayokong 'pagbili ka! Ayoko, ayokooo!" Humahagulgol si Lenka.

Pinanood sila ng mga kapitbahay.



https://xtremepape.rs/

Nilapitan ni Milyo si Lenka. "Umakyat ka na, anak. Mahahamugan ka. Baka mabinat ka." Ngunit tinabig siya ni Lenka, sinuntok-suntok sa hita. "Galit ako sa 'yo, 'Tay! Galit ako sa 'yo! Hindi mo pala mahal si Puti!"

Gusto nang magdamdam ni Milyo sa anak. Dahil din sa 'yo anak, ibig niya sanang sabihin kay Lenka.

Matagal din bago siya nakapagsalita. "Mahal ko rin si Puti, Lenka."

Ayaw siyang tingnan ni Lenka, nakasubsob iyon kay Puti.

"Hindi ko naman siya 'pagbibili." Parang may bikig[5] sa lalamunan ni Milyo. "Papasyal lang naman kami sa Labasan." Napalunok si Milyo. "N-naniniwala ka ba sa 'kin, anak?"

Tinitigan lamang siya ni Lenka. Nananarok[6], may hinanakit, matagal. At may kung anong pabigat na naalis sa dibdib ni Milyo nang siya'y tanguan ng anak.

Kinarga ni Milyo si Lenka at si Puti'y hinila niyang pabalik. Naisip niya, kakausapin niya si Pareng Posto. Sasabihin niyang hindi na niya ipagbibili si Puti. Hindi na kailanman. Hihilingin niya kay Pareng Posto na ipautang na lamang sa kanya ang apatnapung-piso. Makikiusap siya.

A, kahit magmakaawa pa!

Fanny A. Garcia, *Katha* (1994)

---

[1] humarabas: tumakbo, kumaripas
[2] Natigagal: nangamba, kinabahan
[3] Hanyo: Hayaan ninyo
[4] tuminag: gumalaw
[5] bikig: bara
[6] Nananarok: may inaalam, may inuunawa

– Ano ang sinasabi ng dalawang teksto ukol sa pagmamahal ng magulang sa kanyang anak?

– Paano nagkakatulad at/o nagkakaiba ang pagtanaw ng dalawang teksto sa pagmamahal ng magulang sa kanyang anak?

– Ano ang mga pamamaraang estilistiko (halimbawa, imahen, dramatikong tensiyon o tunggalian) na ginamit upang palutangin ang mensahe ng bawat teksto?



https://xtremepape.rs/